# BAITANG 10
## IKATLONG MARKAHAN
# ARALIN 1

Pangalan: ____________________

Baitang at Pangkat: ____________________

**Pamagat: Pagkilala ng Isyu**

**Panuto:** Ipaliwanag kung anong uri ng konsensiya ang nasa balita. Sagutan sa 150-200 salita.

## Takdang - Aralin Rubric

| Kategorya | 4 - Napakahusay | 3 - Mahusay | 2 - Katamtaman | 1 - Kailangang Paunlarin |
|---|---|---|---|---|
| **Kaugnayan ng Isyu** | Lubos na angkop at makabuluhan ang isyu; malinaw ang koneksyon sa pakikipagkapuwa. | Angkop ang isyu; may koneksyon sa pakikipagkapuwa. | Medyo malinaw ang koneksyon sa pakikipagkapuwa. | Hindi malinaw o wala ang kaugnayan sa pakikipagkapuwa. |
| **Pagpapaliwanag sa Uri ng Konsensiya** | Malalim, tama, at lohikal ang paliwanag ukol sa uri ng konsensiya. | Tama at maayos ang paliwanag sa uri ng konsensiya. | Bahagyang tama ngunit may kulang o kalituhan. | Mali o hindi wasto ang pagpapaliwanag sa uri ng konsensiya. |
| **Pagpapahalaga sa Katapatan** | Matibay na pagpapahalaga sa katapatan ay malinaw na nailahad. | May pagpapakita ng pagpapahalaga sa katapatan. | Kaunting pagbibigay-halaga sa katapatan. | Hindi naipakita ang kaugnayan ng katapatan sa isyu. |
| **Organisasyon at Kaayusan ng Ideya** | Mahusay ang pagkakaayos; may malinaw na simula, gitna, at wakas. | Maayos ang daloy ng ideya, ngunit may ilang pagkalito. | Medyo magulo ang pagkakaayos ng ideya. | Magulo at hindi maayos ang presentasyon ng sagot. |
| **Bilang ng Salita at Paggamit ng Wika** | Sakto ang bilang ng salita (150-200); tama ang gramatika at gamit ng wika. | Halos sakto ang bilang; may ilang mali sa wika. | Kulang o sobra ang salita; maraming mali sa wika. | Malayo sa bilang; hindi maayos ang gamit ng wika. |


LIVEWORKSHEETS

BAITANG 10
IKATLONG MARKAHAN
# ARALIN 1

Pangalan: ____________________

Baitang at Pangkat: ____________________

## Pamagat: Pagkilala ng Isyu

**Panuto:** Ipaliwanag kung anong uri ng konsensiya ang nasa balita. Sagutan sa 150-200 salita.

Hinangaan ang katapatan ng isang Grade 7 student sa Salcedo, Ilocos Sur matapos niyang isauli ang napulot na wallet na mayroong lamang pera.

Sa ulat ng GMA News "Unang Balita" nitong Huwebes, sinabi ng pulisya na agad umanong dumiretso sa presinto ang estudyanteng si Armando Galinato Jr., matapos na makita ang wallet sa palengke habang papauwi siya.

Naibalik din kaagad sa may-ari na isang tricycle driver ang kaniyang wallet na may lamang pera at ID.




Labis ang pasasalamat ng driver sa ipinakitang katapatan ng batang estudyante.

Sa Doleres, Abra, ang tricycle driver naman na si Remy Pinto ang nagtungo sa police station para isauli rin ang napulot ang wallet na naglalaman ng mahigit sampung P10 cash na pag-aari pala ng pulis na si Police Officer 1 Mark Mazon. -- FRJ, GMA News



LIVEWORKSHEETS